# EARTHQUAKE

**An earthquake is the weak to violent shaking of the ground produced by sudden movement of rock materials below the earth's surface.**

*Ang lindol ay ang pagyanig ng lupa dahil sa biglaang paggalaw ng mga bato sa ilalim nito.*

**On 16 July 1990, Luzon was rocked by a magnitude 7.8 earthquake which caused widespread damage. The earthquake affected the cities of Baguio, Cabanatuan and Dagupan, and more than 1,600 people were killed.**

*Noong 16 July 1990, niyanig ng magnitude 7.8 na lindol ang Luzon, na naging sanhi ng pagkagiba ng mga gusali at bahay sa mga lungsod ng Baguio, Cabanatuan at Dagupan. Higit sa 1,600 katao ang namatay.*

## BEFORE

### KNOW THE HAZARDS IN YOUR AREA.

**Familiarize yourself with the following:**
*Alamin ang mga sumusunod:*
- Fire extinguishers *(Mga pang-apula ng apoy)*
- Medical kit *(Mga gamit pang-medikal)*
- Exit routes *(Ligtas na daanan palabas ng gusali)*
- Evacuation plan *(Plano sa paglikas ng mga tao)*

**Check your house and have it repaired if necessary.**
*Siguraduhing matibay ang bahay at ipakumpuni ang mga sirang bahagi nito.*

**Store harmful chemicals and flammable materials properly.**
*Ayusin ang pag-iimbak ng mga nakalalasong kemikal at mga bagay na maaaring maging sanhi ng sunog.*

**Secure heavy furniture and hanging objects.**
*Siguraduhing ligtas ang pagkakalagay ng mga mabibigat at mga nakabiting bagay.*

**Prepare your family's GO BAG containing items needed for survival.**
*Ihanda ang GO BAG na naglalaman ng mga pangangailangan ng pamilya.*

**Participate in office and community earthquake drills.**
*Makilahok sa mga pagsasanay ukol sa lindol.*

## DURING

### WHEN INSIDE A BUILDING, STAY CALM AND DO THE:

DUCK | COVER | HOLD

**Duck under a strong table and hold on to it. Stay alert for potential threats.**
*Yumuko at magtago sa ilalim ng matibay na mesa at kumapit sa mga paa nito. Manatiling alerto sa mga banta ng panganib sa paligid.*

**Stay away from glass windows, shelves and heavy objects.**
*Umiwas sa mga bintanang salamin, mga aparador at mabibigat na gamit na maaaring mahulog.*

**After the shaking stops, exit the building and go to designated evacuation area.**
*Matapos ang pagyanig, agad na lisanin ang gusali at pumunta sa evacuation area.*

### WHEN YOU ARE OUTSIDE, MOVE TO AN OPEN AREA!

**Stay away from buildings, trees, electric posts and landslide prone areas.**
*Lumayo sa mga gusali, puno, poste at mga lugar na may panganib ng pagguho ng lupa.*

**If you're in a moving vehicle, stop and exit the vehicle.**
*Kapag nagmamaneho, itabi at ihinto ang sasakyan at lumabas.*

## AFTER

### STAY ALERT FOR AFTERSHOCKS!

**Assess yourself and others for injuries. Provide first aid if necessary.**
*Suriing ang iyong sarili at mga kasama kung may tinamong pinsala. Magbigay ng paunang lunas kung kailangan.*

**Prioritize the needs of older persons, pregnant women, PWDs and children.**
*Unahin ang mga pangangailangan ng mga matatanda, buntis, may kapansanan at mga bata.*

**If in a coastal area and there is a threat of a tsunami, evacuate to higher ground immediately.**
*Kapag nasa tabing dagat at may banta ng tsunami, agad na lumikas papunta sa ligtas at mataas na lugar.*

**Check for spills of toxic and flammable chemicals.**
*Suriin kung may natapong nakalalasong kemikal at mga bagay na maaaring pagmulan ng sunog.*

**Stay out of the building until advised that it is safe to return.**
*Huwag bumalik sa loob ng gusali hanggang walang abiso na ligtas na ito.*

**Check for damages in water and electrical lines, and gas or LPG leaks.**
*Suriin ang mga linya ng tubig at kuryente para sa maaaring pinsala. Suriin din ang tangke ng gas o LPG.*

MAGING LIGTAS.
MAGING PANATAG,
PILIPINAS!

# FIRE

MAGING LIGTAS, MAGING PANATAG, PILIPINAS!

**Uncontrolled fire poses danger not only to human life but also to people's investments, properties and livelihood. Basic knowledge on fire prevention and on what to do in case of fire is very important.** *Ang sunog ay mga bantang panganib sa kaligtasan ng tao at ng kanyang mga ari-arian at kabuhayan. Mahalaga na may kaalaman ukol sa pag-iwas sa sunog at mga dapat gawin sakaling magkasunog.*

## FIRE PREVENTION

**Befriend a fireman.**
*Makipagkaibigan sa bumbero.*

**Ensure that fire alarms and sprinklers work.**
*Siguraduhing gumagana ang mga fire alarms at sprinklers.*

**Practice your evacuation plan and participate in fire drills.**
*Sanayin ang sarili at mga kasamahan sa evacuation plan at sumali sa mga fire drills.*

**Turn off LPG tanks when not in use.**
*Isara ang LPG kapag hindi ginagamit.*

**Hire an electrician to check on your electrical wirings at least once a year..**
*Ipasuri sa electrician ang koneksyon ng mga kuryente taon taon.*

**Unplug appliances and gadgets after using or charging.**
*Tanggalin sa pagkakasaksak ng mga gamit matapos itong gamitin.*

**DO NOT leave lighted candles and cigarettes unattended.**
*Huwag pabayaan ang mga nakasinding kandila o sigarilyo.*

**Teach children on fire safety.**
*Turuan ang mga kabataan ukol sa pag-iwas sa sunog.*

**Learn how to use a fire extinguisher. Remember PASS: Pull the pin, Aim the noozle at the base of fire, Squeeze the lever, and Sweep from side to side..**
*Alamin ang paggamit ng fire extinguisher: hilahin ang 'pin', itapat ang hose sa pinagmumulan ng apoy, diinan ang pindutan, at galawin ang hose na parang winwalis ang apoy.*

## IN CASE OF FIRE

**Stay calm and evacuate immediately.**
*Manatiling mahinahon at agad lumikas.*

**Sound the fire alarm and call 911 for assistance.**
*Patunugin ang fire alarm at tumawag sa 911 para sa kagyat na tulong.*

**If you're in a building, use the stairs and do not use elevators.**
*Kung nasa loob ng isang gusali, gumamit ng hagdan sa paglikas, Huwag gumamit ng elevator.*

**Before opening doors, check handle first. If hot, DO NOT OPEN as the room may already be on fire.**
*Bago buksan ang anumang pinto, pakiramdaman muna kung ito ay maiinit. Huwag buksan kung ito ay maiinit dahil maaaring may sunog na sa loob nito.*

**If there is smoke, get down low and cover your mouth and nose with damp cloth.**
*Kapag may makapal na usok, gumapang papuntang ligtas na lugar. Takpan ang bibig at ilong ng basang tela o damit.*

**If your clothes catch fire, STOP running, DROP to the floor, and ROLL to put out the flames.**
*Kapag umapoy ang damit na suot, tumigil sa pagtakbo, dumapa at magpagulong-gulong hanggang maapula ang apoy.*

**If trapped, stay in the room and signal for help using bright colored cloth at the window or make noise.**
*Kapag hindi makalabas, manatili sa loob at humingi ng tulong gamit ang tela na may matingkad na kulay o gumawa ng ingay para marining ng mga rescuers.*

**After the fire, do not return inside your house or building unless authorities deemed it safe.**
*Pagkatapos ng sunog, huwag bumalik sa loob ng bahay o gusali hangga't wala pang abiso ang kinauukulan.*

**Have yourself checked for injuries.**
*Ipasuri ang sarili kung nasugatan o nasaktan.*

# FLOOD

**Flood is the rising of water level until it overflows its natural or artificial confines and submerge the surrounding area.**

*Ang baha ay pag-apaw ng sobra-sobrang tubig sa natural nitong daluyan tulad ng sapa, ilog at dagat dahilan upang malubog ang nakapalibot ditong lupa.*

**In September 2009, Tropical Storm Ondoy brought a month's worth of rain, flooding vast areas in Metro Manila and neighboring provinces. Almost 500 people were killed and more than 500 were injured.**

*Noong Setyembre 2009, ang malakas na pag-ulang hatid ng Bagyong Ondoy ay nagpabaha sa mga lugar sa Kalakhang Maynila at karatig lalawigan. Halos 500 katao ang nasawi, habang higit sa 500 iba pa ang nasugatan.*

## BEFORE

### KNOW THE HAZARDS IN YOUR AREA.

**Monitor the news for weather updates, warnings and advisories.**
*Alamin ang balita ukol sa panahon at mga anunsyong pangkaligtasan.*

**Know the flood early warning and evacuation plan of the community.**
*Alamin ang plano ng komunidad sa pagbibigay-babala at paglikas dahil sa baha.*

**Participate in community flood preparedness actions and drills.**
*Makilahok sa mga pagsasanay at paghahanda ng komunidad sa baha.*

**Secure your home. Move essential furniture and items to the upper floor.**
*Siguraduhing ligtas ang iyong tahanan. Iakyat ang mga mahahalagang kagamitan sa mas mataas na lugar.*

**Before evacuating, turn off all main switches of electricity, water and LPG tanks.**
*Bago lumikas, isarado ang mga main switches ng kuryente, tubig at tangke ng LPG.*

**Put livestock and pets in a safe area or designated evacuation sites for animals.**
*Ilikas ang mga alagang hayop sa ligtas lugar.*

**When order is received, immediately evacuate to higher and safer grounds.**
*Kapag inabisuhan ng kinauukulan, mabilis na lumikas sa mataas at ligtas na lugar.*

## DURING

### STAY ON HIGHER GROUNDS.

**Stay indoors and stay tuned for latest news and weather updates.**
*Manatili sa loob ng bahay at patuloy na makinig sa ulat ng panahon.*

**DO NOT touch electrical equipment if you are wet or standing in floodwater.**
*Huwag hawakan ang mga kagamitang de kuryente kung ikaw ay basa o nakatayo sa tubig baha.*

**DO NOT go swimming or boating in swollen rivers.**
*Huwag lumangoy o mamangka sa umaapaw na ilog.*

**DO NOT cross streams when water level is already above the knee.**
*Huwag tumawid ng sapa o ilog kung lagpas tuhod na ang tubig.*

**DO NOT walk or drive through flooded areas.**
*Huwag maglakad o magmaneho sa lugar na baha.*

## AFTER

### STAY ALERT AND KEEP SAFE.

**Leave the evacuation area only when authorities say it is safe to return home.**
*Lisanin lamang ang evacuation area kapag ligtas na ayon sa kinauukulan.*

**Report fallen trees and electric posts to proper authorities.**
*Ipagbigay-alam sa kinauukulan ang mga natumbang puno at poste ng kuryente. o mga linya ng tubig at telepono.*

**Check for wet or submerged electrical outlets and appliances before turning on electricity.**
*Siguraduhing walang basa o nakababad na outlet o kagamitan bago buksan ang linya ng kuryente.*

**Check your house for possible damages and repair as necessary.**
*Suriin ang bahay kung may mga nasira at ipaayos ang mga ito kung kailangan.*

**Make sure that the food and water for drinking are not contaminated by flood water.**
*Siguraduhing malinis ang pagkain at inuming tubig.*

**Throw away rainwater in cans, pots and tires to prevent breeding of mosquitoes.**
*Itapon ang naipong tubig sa mga lata, paso at gulong upang hindi pamahayan ng lamok.*

MAGING LIGTAS. MAGING PANATAG, PILIPINAS!

NDRRMC

# GO BAG (EMERGENCY PREPAREDNESS BAG)

**When there is an impending danger, we need to leave our homes and evacuate to safer areas. To prepare for these emergencies, we should have a ready GO BAG that we can bring along immediately.**

*Kapag may mga banta ng panganib, kailangan lumikas papunta sa higit na ligtas na lugar. Bilang paghahanda sa mga ganitong pagkakataon, mahalaga na may GO BAG na dadalhin ang pamilya.*

## REMINDERS

**REMEMBER THESE THREE IMPORTANT GUIDES.**

1. **The GO BAG items should be checked and replenished every three months.**
   *Suriin ang laman ng GO BAG kada tatlong buwan at palitan ang mga laman nito na malapit ng masira.*

2. **The GO BAG should be stored properly where it can be easily accessed in case of an emergency.**
   *Ilagay ang GO BAG sa lugar na madali itong makita at makuha sa oras ng sakuna.*

3. **Coordinate with leaders on community evacuation plan. Decide with the family on where to meet in case there is a need to evacuate.**
   *Makipag-ugnayan sa mga lider para sa plano sa paglikas ng komunidad. Pag-usapan din sa pamilya kung saan tutungo sa oras na kailangang lumikas.*

## CONTENTS OF A GO BAG

**THE GO BAG CONTAINS IMPORTANT ITEMS NEEDED BY THE FAMILY TO SURVIVE.**

**Important documents in waterproof container.**
*Mahahalagang dokumento sa selyadong lalagyan.*

**Flashlight, candles, matches and whistle.**
*Flashlight, kandila, posporo at silbato.*

**Radio with fresh and extra batteries.**
*Radyo na may bago at ekstrang baterya.*

**First aid kit with remedies for fever, LBM, minor wounds and pain, and maintenance medicines.**
*First aid kit, kasama ang panlunas sa lagnat, LBM, sugat at iba pa, at mga gamot na regular na iniinom ng kapamilya.*

**Spare cash including coins.**
*Pera at barya.*

**Items for special needs of young and older members of the family, including persons with diabilities.**
*Mga gamit para sa pangangailangan ng mga sanggol, bata, matatanda at may kapansanan.*

**Easy-to-serve, ready-to-eat food enough for three days.**
*Pagkain na madaling ihanda, di na kailangang lutuin, at sapat para sa tatlong araw.*

**Drinking water in sealed containers enough for three days.**
*Inuming tubig sa saradong lalagyan at sapat para sa tatlong araw.*

**Mobile phones, powerbanks and chargers.**
*Telepono, powerbank at charger.*

**Clothing, raincoat, boots and sanitary supplies.**
*Damit, kapote, botas at mga sanitary supplies.*

**Sleeping bags or mats, and blankets.**
*Sleeping bag o banig, at mga kumot.*

**Ropes, old newspaper and ecobags made of strong materials.**
*Lubid, lumang dyaryo at matitibay na lalagyan.*

MAGING LIGTAS, MAGING PANATAG, PILIPINAS!

# LANDSLIDE

**A landslide is the movement of soil, rocks, mud or debris down a slope. This can be caused by continuous heavy rains (rain-induced landslides) or shaking due to earthquake (earthquake-induced landslides).**

*Ang landslide o pagguho ay ang pagbaba ng lupa, bato, putik at iba pang bagay mula sa mataas na lugar. Ito ay maaaring mangyari kapag may malakas at tuloy-tuloy na pag-ulan o pagyanig mula sa lindol.*

**On 17 February 2006, a large-scale landslide buried the village of Guinsaugon in Southern Leyte. More than 1,100 were killed or missing after the incident.**

*Noong 17 Pebrero 2006, isang malaking pagguho ng lupa ang naganap sa Barangay Guinsaugon sa Katimugang Leyte. Higit sa 1,100 ang namatay o natabunan ng mga bato, lupa at putik sa insidenteng ito.*

## BEFORE

### KNOW THE HAZARDS IN YOUR AREA.

**Know the landslide prone areas and learn the early signs of impending lanslides.**
*Alamin ang mga lugar na may banta ng pagguho ng lupa at alamin ang mga palatandaan nito.*

**Monitor the news for weather updates, warnings and advisories.**
*Alamin ang balita ukol sa panahon at mga anunsyong pangkaligtasan.*

**Prepare your family's GO BAG containing items needed for survival.**
*Ihanda ang GO BAG na naglalaman ng mga pangangailangan ng pamilya.*

**Know the location of the evacuation site and the fastest and safest way to go there.**
*Alamin ang lugar na paglilikasan at ang pinakamabilis at ligtas na daan patungo dito.*

**When notified, immediately evacuate to safer grounds.**
*Kapag inabisuhan ng kinauukulan, mabilis na lumikas sa ligtas na lugar.*

## DURING

### STAY IN A SAFE AREA AND BE ALERT.

**When inside a house or building and evacuation is not possible, stay inside and get under a sturdy table.**
*Kapag nasa loob ng bahay o gusali at hindi posible ang paglikas, manatili sa loob, at magtungo sa ilalim ng matibay na mesa.*

**When outside, avoid affected areas and go to a safer place.**
*Kapag nasa labas, umiwas sa gumuhong lupa at magtungo sa mas ligtas na lugar.*

**When landslide cannot be avoided, protect your head.**
*Kung hindi maiiwasan na tamaan ng gumuguhong lupa, protektahan ang sarili.*

**When driving, do not cross bridges and damaged roads.**
*Kung nagmamaneho, huwag dadaan sa mga tulay at nasirang kalsada.*

## AFTER

### MONITOR THE SITUATION AND STAY ALERT.

**Leave the evacuation area only when authorities say it is safe.**
*Lisanin lamang ang evacuation area kapag ligtas na ayon sa kinauukulan.*

**Avoid landslide affected areas.**
*Umiwas sa mga lugar na may pagguho ng lupa.*

**Watch out for possible flashfloods due to clogging of creeks or rivers**
*Kung malapit sa estero o ilog maging alerto sa posibilidad ng biglaang pagtaas ng tubig*

**Check for missing persons and report it to authorities.**
*Alamin kung may nawawalang kaanak o kakilala at ireport agad ito sa kinauukulan.*

**Bring the injured and sick to the nearest hospital.**
*Dalhin sa pinakamalapit na ospital ang mga nasugatan at may karamdaman.*

**Check your house for possible damages and repair as necessary.**
*Suriin ang bahay kung may mga nasira at ipaayos ang mga ito kung kailangan.*

**Report fallen trees and electric posts to proper authorities.**
*Ipagbigay-alam sa kinauukulan ang mga natumbang puno at poste ng kuryente o telepono.*

MAGING LIGTAS. MAGING PANATAG, PILIPINAS!

# STORM SURGE

**A storm surge is an abnormal rise of water due to a tropical cyclone.**

*Ang storm surge o daluyong ng dagat ay ang pagtaas ng tubig-dagat sanhi ng bagyo.*

**On 8 November 2013, the storm surges due to Typhoon Yolanda mainly caused the death of more than 6,000 people in the Visayas regions.**

*Noong 16 July 1990, ang daluyong ng dagat na hatid ng Bagyong Yolanda ang naging sanhi ng kamatayan ng karamihan sa higit sa 6,000 biktima sa mga rehiyon sa Visayas.*

## BEFORE

### KNOW THE HAZARDS IN YOUR AREA.

**Know if your area has potential threat of storm surge.**
*Alamin kung may panganib ng daluyong ng dagat ang inyong lugar.*

**Always monitor the weather and watch out for advisories and warnings.**
*Makinig sa ulat ng panahon at maging alerto sa mga babala.*

**Know the location of the evacuation site and the fastest and safest way to go there.**
*Alamin ang lugar na paglilikasan at ang pinakamabilis at ligtas na daan patungo dito.*

**Secure your home. Move essential furniture and items to the upper floor.**
*Siguraduhing ligtas ang iyong tahanan. Iakyat ang mga mahahalagang kagamitan sa mas mataas na lugar.*

**Prepare your family's GO BAG containing items needed for survival.**
*Ihanda ang GO BAG na naglalaman ng mga pangangailangan ng pamilya.*

**Before evacuating, turn off all main switches of electricity, water and LPG tanks.**
*Bago lumikas, isarado ang mga main switches ng kuryente, tubig at tangke ng LPG.*

**When notified, immediately evacuate to higher and safer grounds.**
*Kapag inabisuhan ng kinauukulan, mabilis na lumikas sa mataas at ligtas na lugar.*

## DURING

### STAY ON HIGHER GROUNDS.

**Stay indoors and stay tuned for latest news and weather updates.**
*Manatili sa loob ng bahay at patuloy na makinig sa ulat ng panahon.*

**Move away from the seashore.**
*Huwag lumapit sa baybaying dagat.*

**DO NOT touch electrical equipment if you are wet or standing in floodwater.**
*Huwag hawakan ang mga kagamitang de kuryente kung ikaw ay basa o nakatayo sa tubig baha.*

## AFTER

### STAY ALERT AND KEEP SAFE.

**Leave the evacuation area only when authorities say it is safe.**
*Lisanin lamang ang evacuation area kapag ligtas na ayon sa kinauukulan.*

**Check for missing persons and report it to authorities.**
*Alamin kung may nawawalang kaanak o kakilala at ireport agad ito sa kinauukulan.*

**Bring the injured and sick to the nearest hospital.**
*Dalhin sa pinakamalapit na ospital ang mga nasugatan at may karamdaman.*

**Report fallen trees and electric posts to proper authorities.**
*Ipagbigay-alam sa kinauukulan ang mga natumbang puno at poste ng kuryente o telepono.*

**Check your house for possible damages and repair as necessary.**
*Suriin ang bahay kung may mga nasira at ipaayos ang mga ito kung kailangan.*

**Make sure that the food and water for drinking are not contaminated by flood water.**
*Siguraduhing malinis ang pagkain at inuming tubig.*

MAGING LIGTAS.
MAGING PANATAG,
PILIPINAS!

# TROPICAL CYCLONE

**Tropical cyclone is an extreme weather condition characterized by large scale circulation of strong winds, low atmospheric pressure and heavy rains. It can cause flooding, storm surge, landslides and flash floods.**

*Ang bagyo ay isang uri ng lagay ng panahon na nagdudulot ng malalakas at mabilis na hangin at pag-ulan na maaaring maging sanhi ng matitinding pagbaha, daluyong ng dagat at pagguho ng mga lupa.*

**Super Typhoon Lawin (2016) made its landfall in Cagayan Valley, packing winds of up to 225 kilometers per hour and gustiness of up to 315. Fourteen people were confirmed dead and almost 20,000 houses were toally damaged.**

*Ang Bagyong Lawin ay tumama sa kalupaan ng Cagayan Valley, na may taglay na lakas ng hangin na 225 kilometro kada oras at bugso na umaabot ng 315. Labing apat ang kumpirmadong patay at halos 20,000 kabahayan ang nasira.*

## BEFORE

**MONITOR THE NEWS FOR WEATHER UPDATES.**

**Monitor the news for weather updates, warnings and advisories.**
*Alamin ang balita ukol sa panahon at mga anunsyong pangkaligtasan.*

**Know the early warning and evacuation plan of the community.**
*Alamin ang plano ng komunidad sa pagbibigay-babala at paglikas.*

**Check the integrity of your house and repair weak parts.**
*Suriin ang bahay at kumpunihin ang mga mahina o sirang bahagi nito.*

**Prepare your family's GO BAG containing items needed for survival.**
*Ihanda ang GO BAG na naglalaman ng mga pangangailangan ng pamilya.*

**Put livestock and pets in safe area or designated evacuation site for animals.**
*Ilikas ang mga alagang hayop sa ligtas na lugar.*

**When notified, immediately go to the designated evacuation center.**
*Kapag inabisuhan ng kinauukulan, mabilis na lumikas sa itinakdang evacuation center.*

## DURING

**STAY ALERT AND STAY TUNED.**

**Stay calm. Stay indoors and tune in for latest news and weather updates.**
*Manatiling mahinahon. Manatili sa loob ng bahay o evacuation center at makinig sa pinakabagong balita at taya ng panahon.*

**Turn off main electrical switch and water valve.**
*Patayin ang main switch ng kuryente at valve ng tubig.*

**Use flashlight or emergency lamp. Be cautious in using candles and gas lamps.**
*Gumamit ng flashlight o emergency lamp. Maging maingat sa paggamit ng kandila o gasera.*

**Stay away from glass windows.**
*Umiwas sa mga salaming bintana.*

## AFTER

**REMAIN ALERT AND BE CAUTIOUS.**

**Wait for authorities to declare that it is safe to return home.**
*Hintayin ang abiso ng kinauukulan ng ligtas ng bumalik sa tahanan*

**Stay away from fallen trees, damaged structures and power lines.**
*Umiwas sa mga natumbang puno, nasirang gusali at linya ng kuryente*

**Do not go sightseeing as you may hinder the work of the emergency services.**
*Huwag gumala upang hindi maabala ang emergency services.*

**Be cautious in checking and repairing the damaged parts of your house.**
*Maging maingat sa pagsasaayos ng mga nasirang bahagi ng bahay.*

**Check for wet or submerged electrical outlets and appliances before turning on electricity.**
*Siguraduhing walang basa o nakababad na outlet o kagamitan bago buksan ang linya ng kuryente.*

**Throw away rainwater in cans, pots and tires to prevent breeding of mosquitoes.**
*Itapon ang mga naipong tubig sa lata, paso at gulong upang hindi pamahayan ng lamok.*

MAGING LIGTAS.
MAGING PANATAG,
PILIPINAS!

# TSUNAMI

**A tsunami is a series of sea waves commonly generated by under-the-sea earthquakes and whose heights could be greater than five meters.**

*A tsunami ay di pangkaraniwang pagtaas ng alon sa dalampasigan na gawa ng malakas na lindol sa ilalim ng dagat. Ang mga alon na ito ay maaaring lumagpas sa taas na limang metro.*

**On 17 August 1976, a tsunami caused by a magnitude 8.1 earthquake affected the coastlines of Moro Gulf in Mindanao. About 6,000 people were killed, making it the most disastrous tsunami to hit the country.**

*Noong 17 Agosto 1976, isang tsunami na likha ng magnitude 8.1 na lindol ang nanalasa sa mga dalampasigan ng Moro Gulf sa Mindanao. Tinatayang 6,000 katao ang nasawi dahil sa insidenteng ito.*

## BEFORE

### KNOW THE HAZARDS IN YOUR AREA.

Know if your area has potential threat of tsunami.
*Alamin kung may panagnib ng tsunami ang inyong lugar.*

Know the location of the evacuation site and the fastest and safest way to go there.
*Alamin ang lugar na paglilikasan at ang pinakamabilis at ligtas na daan patungo dito.*

Participate in community tsunami preparedness actions and drills.
*Makilahok sa mga pagsasanay at paghahanda ng komunidad sa baha.*

Plant mangroves and trees near the shore.
*Magtanim ng mga bakawan at puno sa tabing dagat.*

Prepare your family's GO BAG containing items needed for survival.
*Ihanda ang GO BAG na naglalaman ng mga pangangailangan ng pamilya.*

## DURING

### KNOW THE SIGNS OF AN INCOMING TSUNAMI

Earthquake that is strong enough to be felt.
*Lindol na may sapat na lakas para maramdaman.*

Sudden drop or rise of sea water level.
*Biglaang pagbaba o pagtaas ng tubig dagat.*

Roaring sound of incoming tsunami.
*Dagundong ng papalapit na tsunami.*

### STAY ON HIGHER GROUNDS.

Do not stay in low-lying coastal area after a strong earthquake. Move to higher ground immediately.
*Huwag manatili sa tabing dagat matapos ang malakas na lindol. Agad na pumunta sa mataas na lugar.*

Never go down the beach to watch or take pictures of the tsunami.
*Huwag pumunta sa tabing dagat upang panoorin o kuhaan ng larawan ang tsunami.*

## AFTER

### STAY ALERT AND KEEP SAFE.

Leave the evacuation area only when authorities say it is safe to return home.
*Lisanin lamang ang evacuation area kapag ligtas na ayon sa kinauukulan.*

Stay away from the sea unless authorities say it is already safe.
*Lumayo sa dagat hanggang walang abiso ang mga kinauukulan na ligtas na.*

Check for missing persons and report it to authorities.
*Alamin kung may nawawalang kaanak o kakilala at ireport agad ito sa kinauukulan.*

Bring the injured and sick to the nearest hospital.
*Dalhin sa pinakamalapit na ospital ang mga nasugatan at may karamdaman.*

Check for wet or submerged electrical outlets and appliances before turning on electricity.
*Suguraduhing walang basa o nakababad na outlet o kagamitan bago buksan ang linya ng kuryente.*

Check your house for possible damages and repair as necessary.
*Suriin ang bahay kung may mga nasira at ipaayos ang mga ito kung kailangan.*

MAGING LIGTAS,
MAGING PANATAG,
PILIPINAS!

NDRRMC

# VOLCANIC ERUPTION

**A volcanic eruption occurs when hot materials such as lava, rocks, dust, ash and gases are expelled from a volcano.**

*Ang pagputok ng bulkan ay nangyayari kapag nagbubuga ang bulkan ng mga bato, lava, abo at mga usok.*

**In June 1991, Mount Pinatubo's eruption produced steam explosions, high-speed avalanches of hot ashes, clouds of ashes and gases, and mudflows. More than 1,000 were killed and 1.3 million were evacuated from their homes.**

*Noong Hunyo 1991, ang pagputok ng Bulkang Pinatubo ay naging sanhi ng kamatayan ng higit sa 1,000 katao at ang paglikas ng higit isang milyong katao mula sa kanilang mga tahanan sa Pampanga, Tarlac at Zambales.*

## BEFORE

### KNOW THE SIGNS OF AN IMPENDING ERUPTION.

**Increase in the frequency of volcanic quakes accompanied by rumbling sounds.**
*Mas madalas na paglindol o pagyanig ng lupa na may kasamang pagdagundong.*

**Change in color of steam emission from white to gray.**
*Pagbabago ng kulay ng usok at nagiging kulay abo..*

**Drying up of vegetation, springs and wells around the volcano.**
*Pagkatuyo ng mga halaman, sapa at balon sa paligid ng bulkan.*

**Development of new thermal areas or reactivation of old ones.**
*Pagkakaroon ng mga bagong bentilasyon sa paligid ng bulkan.*

### KNOW THE COMMUNITY'S SAFETY PLANS.

**Always monitor the volcano updates and watch out for advisories and warnings.**
*Makinig sa ulat ukol sa bulkan at maging alerto sa mga babala.*

**Know the location of the evacuation site and the fastest and safest way to go there.**
*Alamin ang lugar na paglilikasan at ang pinakamabilis at ligtas na daan patungo dito.*

**Prepare your family's GO BAG containing items needed for survival.**
*Ihanda ang GO BAG na naglalaman ng mga pangangailangan ng pamilya.*

## DURING

### STAY AWAY FROM DANGER ZONES.

**When notified, immediately evacuate to safer grounds.**
*Kapag nakatanggap ng abiso, agad na lumisan patungo sa ligtas na lugar.*

**Assists in evacuating children, pregnant women, PWDs and older people.**
*Tulungan sa paglikas ang mga bata, buntis, may kapansanan at mga matatanda.*

**Cover your mouth with wet cloth and wear protective goggles.**
*Takpan ang mga bibig at ilong ng basang panyo o tela at magsuot ng proteksyon sa mata.*

**Keep your pets in their shelter or inside to avoid them from inhaling ash.**
*Siguraduhing nasa ligtas na lugar ang mga alagang hayop para maiwasan ang paglanghap ng abo.*

**Stay away from rivers and streams for possible lahar flow.**
*Lumayo sa mga ilog at sapa na posibleng daluyan ng lahar.*

## AFTER

### REMAIN ALERT AND BE CAUTIOUS.

**Leave the evacuation area only when authorities say it is safe.**
*Lisanin lamang ang evacuation area kapag ligtas na ayon sa kinauukulan.*

**Wear masks when cleaning.**
*Gumamit ng dust mask o basang panyo kapag naglilinis*

**Scrape the accumulated ash in roofs to prevent collapse.**
*Linisin ang mga naipong abo upang maiwasan ang pagguho ng bubong ng bahay.*

**Shake loose ash from plants before watering.**
*Ipagpag ang mga abo mula sa halaman bago ito diligan.*

MAGING LIGTAS.
MAGING PANATAG,
PILIPINAS!